# Children's Month ipinagdiwang

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

nasa loob

EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2

## Iba't-ibang aktibidad isinagawa

Nakiisang muli ang lalawigan ng Camarines Norte sa pagdiriwang ng buong bansa sa *Children's Month* ngayong taon simula Oktubre 1-31, 2009 na may temang, "*BRIGHT CHILD:* Proteksyon ng Bata, Panangutan ng Bansa". Ito ay bilang pagtalima sa *Presidential Proclamation No. 267* na nagdeklara sa buwan ng Oktubre ng bawa't taon bilang *National Children's Month*

Kaugnay nito, ipinalabas ni Gobernador Jesus O. Typoco Jr. ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2009-19 na nagtatakda ng mga aktibidad para sa nabanggit na 1-buwang selebrasyon dito. Hiningi rin niya rito ang suporta at kooperasyon ng mga *local government units (LGUs)*, pampamahalaang ahensya, *non-government organizations (NGOs)*, lahat ng pampubliko at priba-

(Sundan sa pahina 2)









***Ang Turn-Over ceremonies ng PNP Communication Equipment na donasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa Police Provincial Office dito sa lalawigan na dinaluhan ni Chief PNP PGD Jesus Verzosa. Pinirmahan ng dalawa ang deed of donation ng gobernador na tinanggap nina RD Ruben Padua at PD Emmanuel Talento. Dumalo rin si Mayor Winnie B. Oco ng Labo.***

## Provl. Stat. Month Exhibit & Gallery of Good Practices

Pinangunahan nina Rodolfo B. Guevarra, *Provincial Head* ng *National Statistics Office (NSO)* at Nimfa E. Camara, *Statistician IV* ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* ang *ribbon-cutting ceremony* na nag-hudyat sa pagbubukas dito ng *11th Provincial Statistics Month Exhibit* na nakasentro sa *20th Year of the Convention on the Rights of the Child (CRC)*.

Kasabay rin nitong binuksan sa publiko ang *Gallery of Good Practices on Child-Friendly Movement (CFM)* noong Oktubre 8, ika-2 n.h. na tinampukan ng mga katangi-tanging aktibidad, programa, at proyektong maka-bata na ipinatupad sa 12 bayan ng lalawigan at iba't-ibang paaralan.

Ang nabanggit na mga eksibit ay bahagi ng selebrasyon dito ng *National Children's Month* at *20th National Statistics Month* na may temang *Bright Child*: Proteksyon ng Bata, Panangutan ng Bansa" at "*Enhancing Security Sector Statistics for Good Governance, Peace and Sustainable Development*".

Ipinakita sa naturang eksibit ang mga aktibidad ng bawat sektor ng *CFM* tulad ng *early childhood care and development, protection and participation, health and nutrition, social policy and local development sectors*, at iba pa. Inilahad

(Sundan sa pahina 5)




*Tinitingnan ng mga mag-aaral ng Baldovino Elem. ang eksibit matapos dumalo sa ribbon cutting ceremonies na isinagawa kaugnay ng Provincial Statistics Month Exhibit at Gallery of Good Practices ng PPDO at CAO.*

# Children's...

(Mula sa pahina 1)

dong paaralan, *socio-civic and religious organizations (SCROs)*, at mga mamamayan ng lalawigan para matiyak ang matagumpay na pagdiriwang dito ng Buwan ng Kabataan at mapaigting ang mga pagkilos para maging *child-friendly province* ang Camarines Norte.

Binigyang-diin sa mga gawain ang kahalagahan ng aktibong pagkilos at pagtutulungan ng mga kinauukulang opisyal at tanggapan ng pamahalaan at pribadong sektor para mabigyan ng proteksyon ang mga kabataan mula sa iba't-ibang uri ng pang-aabuso: *verbal, physical, psychological, mental,* at *sexual* man. Ito ay bilang tugon na rin sa pandaigdigang panawagan na paigtingin ang implementasyon ng *Convention on the Rights of the Child (CRC)* kung saan nakasaad ang iba pang karapatan ng mga kabataan tulad ng mga sumusunod: magkaroon ng malusog na pangangatawan, sapat at wastong nutrisyon, de-kalidad na edukasyon, makapaglaro at makapaglibang, mapaunlad ang kakayahan, at makilahok.

Sa bisa ng kaatasan, binuo rin ang mga komitiba para mangasiwa sa mga sumusunod na aktibidad para sa nabanggit na 1-buwang selebrasyon:

Oktubre 1-2 – *Radio Guesting ng* Communication *Task Force (CTF)* sa *DWCN-FM c/o Philippine Information Agency (PIA)*; Oktubre 1-31: pagsasabit ng *streamers* ng mga tanggapan/establisimyento; *Advocacy Campaign on CRC (One-on-One/Face-to-Face)* sa mga *disparity barangays*; *Search for Child-Friendly School System (Division-wide) c/o Department of Education (DepEd);* at *Annual Search for Child-Friendly Barangay (Provincewide);* Okt. 5-16 – Sagot Mo-I-*DevInfo* Mo; Okt. 5-31 – *Gallery of Good Practices* at *Statistical Exhibit*; Okt. 6-9 – *Program Implementation Review on Health and Nutrition Program*; Okt. 6-10 – *State of the Art Survey for DCCs and DCWs* (Mercedes/ Labo/San Vicente/ Basud/Paracale/Jose Panganiban/Capalonga); Okt. 7-9 – *Training on Storytelling and Story Writing on Children's Rights*; Okt. 13 – *Consultation Meeting with DepEd Officials and MSWDOs on ECCD Implementation;* Okt. 12-17 – Garantisadong Pambata *c/o respective RHUs*; *Observance of National Handwashing Day* ng mga paaralan at RHUs; Okt. 15 - *Philippine Statistics Quiz (PSQ) Provincial Level*; Okt. 19-20 – *Training on Barangay Justice System*; Okt. 21 – *Child-Friendly Movement (CFM) Assembly and Presentation of the Provincial State of the Children Report*; Okt. 22 – *Provincial Council for the Welfare of Children (PCWC) Meeting with* Sagip-Batang Manggagawa (SBM) *and Inter-Agency Committee on Anti-Trafficking (IACAT) kung saan isinagawa ang adoption ng PHRS Guidelines*; Okt. 23 - *Semi-Annual Dialogue of Pillars of Justice*, at *Play Day for Pre-School Children (Provincial Star Revel)*-Labo *Sports Complex*; at Okt. 30 – *Day Care Children's Day*. Ang *United Nations Day* ay isinagawa ng ilang kinauukulang pamahalaang lokal at *day care centers (DCCs)* noong Oktubre 24 at ang iba naman ay ipinagdiwang ito sa ibang petsa sa loob ng nabanggit na buwan.

Nakiisa rin sa 1-buwang selebrasyon ang mga pamahalaang lokal sa lalawigan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga angkop na aktibidad sa kanilang mga nasasakupang bayan simula Oktubre 1-31, 2009. ***LT IBASCO***






***Nagbibigay ng mensahe si General Yolanda G. Tanigue sa isinagawang CFM Asembly & Presentation of the State of the Children's Report sa Golden Palace Restaurant kaugnay ng selebrasyon ng National Children's Month dito sa lalawigan; Ang mga opisyal at kawani mula sa panlalawigang tanggapan, pambansang ahensya at pribadong sektor na sumusuporta sa mga proyekto at programang ipinatutupad sa ilalim ng 6th Country Program for Children.***

# Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| Oktubre 5 | ♦ Ludy Poot of Samahan ng Pagkakaisang Manggagawa (OFW) ng Purok 8, Brgy. IV, Daet for Livelihood Project | P500.00 |
| | ♦ Reynante F. Bareja of the Southern Luzon Mission of Seventh Day Adventists for their Medical, Educational, Welfare & Moral Uplift Activity. | 2,000.00 |
| | ♦ PB Luzviminda A. Salazar of Brgy. Mangcamagong, Basud for the Search for Binibining Mangcamagong 2009 | 2,000.00 |
| | ♦ PB Manaog of Brgy. Calasgasan, Daet for the hospitalization of Gil Jamito | 2,000.00 |
| 6 | ♦ Norlinda A. Zaldua of Purok 1, Brgy. San Isidro, Daet for the Tuition Fee of Ma. Elena A. Zaldua of CNSC | 1,115.00 |
| | ♦ Berlinda M. Mallapre, Institutional Head of Dygico Elem. School, Sta. Elena District for the 2009 Provincial Scouts Jamborette | 1,000.00 |
| 7 | ♦ Glen Paul Oliver, Head Organizer of "Crave Fest '09" of 4th year BS Tourism Students of La Consolacion College-Daet for the Cookfest Challenge & Bartending Competition | 10,000.00 |
| 13 | ♦ Enrico Ramos, Adviser of Apocalypse Dancer for a Dance Showdown Competition | 500.00 |
| | ♦ Salvacion Tabinas of Purok 5, Brgy. IV, Daet for tuition fee of Rachelle A. Tabinas of Mabini Colleges, BSCS | 4,031.85 |
| | ♦ Mario I. Bacarro of Cyuclorama Magazine for the Medication of his daughter Irene May who is suffering from brain cancer | 1,000.00 |
| | ♦ Marlon B. Barandino of Brgy. I, Mercedes for a basketball tournament | 500.00 |
| | ♦ Ester Abondo of Brgy. I, Mercedes for a basketball tournament | 500.00 |
| 14 | ♦ Manonong G. Ramirez of Basud for the Rahugan Festival Activities | 2,000.00 |
| 16 | ♦ Luz Millendez, candidate for Mrs. Bagong Bayan 2009 at Jose Panganiban | 200.00 |
| 19 | ♦ Joven dela Torre of Brgy. Del Rosario, Mercedes and GTY Company for a basketball tournament | 500.00 |
| | ♦ Mark Bautista of Brgy. IV, Mercedes and UFC company for a basketball tournament | 500.00 |
| 20 | ♦ Jereny Avellano of Word International Ministry-Daet for a 2 Day Youth Leaders Retreat | 1,000.00 |
| | ♦ Kgd. Sonia Bermas of Brgy. IV, Daet for the Construction of Jetmatic Pump | 2,254.00 |
| | ♦ Allen Andrade of Camarines Norte Skimboard Riders Association for Skimboarding at San Juan, Bacon District, Sorsogon City. | 1,500.00 |
| **23** | ♦ Jose Edsel Ramos of UP KAADHIKA, UP Los Baños for a Quiz Show (Megalobrainia) | 1,000.00 |
| | ♦ Mariano Montuya, Adviser of Manila Bicol South Road Academy, Bagong Silang I, Labo for their activities in connection with the 39th Foundation Anniversary Celebration | 2,000.00 |
| **26** | ♦ Zenaida Poot, Provincial Coordinator of El Shaddai DWXI Prayer Partners Foundation International Inc. (PFCC) for their Music Ministry | 2,000.00 |
| | ♦ Darwin Mancenido of Mercedes and the Helm 2010 of Philippine Merchant Marine Academy | 500.00 |
| | ♦ Armando San Agustin of Brgy. Del Rosario and GTY company for a basketball tournament | 500.00 |
| **28** | ♦ Joseph Consuelo for Jennifer Consuelo of CNNHS who will attend the Regional Press Conference at Tabaco National High School | 1,000.00 |
| | ♦ Roxanne Halton Villareal of Purok 4, Brgy. Bagasbas, Daet for Burial Assistance to Gloria Halton | 1,000.00 |
| | **Total** | **P41,100.85** |

# BSP Naga Branch Gold Buying Station pinulong ang mga small-scale gold mining operators dito



**Engr. Pol Badiola**
**EERMD Chief**

Naging panauhin ang mga kinatawan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) *Naga Branch Gold Buying Station (GBS)* sa pulong ng *Provincial Mining Regulatory Board* (PMRB) at mga *operators* ng *small scale gold mineral processing plant* na idinaos sa tanggapan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division- Office of the Governor (GO-EERMD)* noong Oktubre 23, 2009.

Ipinaliwanag ni Mr. Danilo Calumag, *BSP Naga Branch Head* ang pagbili ng BSP ng ginto sa publiko at ang kabutihan ng pagbebenta ng ginto sa nasabing bangko.


Ayon kay Mr.Calumag, ang BSP ay bumibili ng ginto sa maggiginto, maliliit na minero at sa iba pang pinanggagalingan sa pamamagitan ng kanilang *gold buying station (GBS)*. Ang ginto ay maaaring ipagbili sa mga sangay nito sa mga lungsod ng Davao, Zamboanga, Baguio, Naga at sa *Mint and Refinery Operations Department (MROD)* ng BSP sa Quezon *City*.

Wala ring hinihinging lisensya para sa sinumang may intensyong magbenta ng ginto sa BSP. Kung may ibebenta, kailangan lang nilang sabihin sa gwardya ng bangko ang mga salitang *"may dala ako"* at papapasukin na sila at sasamahan pa sa kaukulang personahe, dagdag pa ni Mr.Calumag. Hindi rin aniya nagbabawas ng anu mang buwis sa transaksyon ang BSP at ang gintong ibebenta ay babayaran batay sa presyo ng ginto at sa palitan ng piso at dolyar na itinakda ng BSP sa pang-araw-araw na batayan.

Matapos ang mahaba ngunit detalyadong paliwanag tungkol sa proseso ng BSP sa pamimili ng ginto, marami pa ring katanungan sa mga taga BSP ang inihingi ng linaw ng mga dumalo sa pulong katulad ng posibilidad ng paglalagay nila ng *GBS* sa Camarines Norte.

Ayon kay Mr. Calumag, may mga *requirements* na dapat munang matugunan bago makapaglagay ng *GBS* sa isang lugar. Kabilang dito ang pagkakaroon ng di-kukulang sa *15 commercial banks*, di kukulang sa *20 non-bank financial institution* at may P5.0 *billion deposit base.* Kung matutugunan aniya ng Camarines Norte ang mga nabanggit na *requirements*, ang *BSP* ay maaari nang maglagay rito ng *GBS*, pahayag ni Mr.Calumag

Sa pagtatapos ng paliwanag ng naturang hepe ng BSP sa Naga City, pinasalamatan niya sina Gobernador Jesus O. Typoco Jr.; at *Regional Director* Reynulfo A. Juan ng *Mines and Geosciences Bureau (MGB)* at *chairman* ng *Provincial Mining Regulatory Board (PMRB)*, sa pagkakataong ibinigay sa kanila na makapagsagawa ng nasabing pulong. Isinabay rin niya rito ang paghihikayat sa mga *"gold miners"* dito sa Camarines Norte na sa BSP na ibenta ang kanilang produktong ginto. ***(GC BINAY)***



*Ang mga opisyal at kawani ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)-Naga Branch Gold Buying Station nang magsagawa sila ng information drive sa tanggapan ng EERMD ukol sa pagbili nito ng ginto. Dumalo rin dito ang pamunuan ng Provl. Mining Regulatory Board (PMRB) at ilang mining operators sa lalawigan.*



*Ang ilang mahahalagang isyu at usapin patungkol sa pagmimina rito sa lalawigan ay tinalakay sa PMRB meeting na pinangasiwaan ni Regional Director Reynulfo Juan ng Mines and Geosciences Bureau (nakaupo sa gitna) matapos ang BSP information drive.*

# EGMPP nagbigay ng plastic bags para sa EERMD seedling production

Ang *Elnar Gold Mineral Processing Plant (EGMPP)* na pag-aari at pinamamahalaan ni Arnel Elnar, Brgy. Sta. Rosa Norte, Jose Panganiban, Camarines Norte ay nagkaloob ng 8,000 4" x 8" *plastic bags* sa Pamahalaang Panlalawigan na gagamitin nito para sa *Forestry Seedling Production and Tree Planting Program* na ipinatutupad ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division – Office of the Governor (EERMD-GO)*.

Ang nabanggit na mga *plastic bags* na personal na dinala ng asawa ni Elnar sa tanggapan ng *EERMD-GO* noong Oktubre 14, 2009 ay tinanggap ng hepe ng tanggapan na si Engr. Leopoldo P. Badiola.

Sa ngalan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. lubos na pinasalamatan ni Engr. Badiola ang *EGMPP*. Ayon sa kaniya, malaking tulong ang ibinigay na *plastic bags* para sa *seedlings production program* ng Pamahalaang Panlalawigan.


Ang *seedlings production* ay isang regular at tuluy-tuloy na programang pangkalikasan ng Pamahalaang Panlalawigan na ipinatutupad ng *EERMD-GO*. Sa ilalim nito, ang mga pananim na punungkahoy ay ipinamamahagi ng walang bayad sa sinumang nais magtanim sa kanilang pribado o pampubliko mang lupain. Layunin nito na hikayatin ang mga mamamayan na magtanim ng mga punungkahoy maging sa kanilang bakuran upang labanan ang unti-unti nang nararamdamang epekto ng *climate change* na sanhi ng pagkasira ng kapaligiran lalo na ang pagkaubos ng kagubatan dahil sa pagkakaingin at pagtotroso ng ilang iresponsable nating kababayan sa nakalipas na mga panahon. ***(GC BINAY)***

## Countryline Multi-Purpose ...

*(Mula sa pahina 6)*

*Farmers Training Program in Japan.*

Isinasagawa ng iba't -ibang sangay ng *DA* sa buong bansa ang pagbibigay ng tulong-pinansyal at teknikal man sa mga *4-H Clubs* gayundin ang mga *Rural Improvement Clubs (RICs)* at Pambansang Magsasaka, Mananalon, Magbabaul at Magbubukid ng Pilipinas (P4MPs). Ito ay sa layuning mabigyan ng angkop na kaalaman at kasanayan ang mga kabataan sa iba't-ibang gawaing pang-agrikultural at pangkabuhayan, at hubugin sila bilang mga produktibong mamamayan. ***MELINDA L. JEREZ/lt ibasco***




# EDITORYAL

## Mga anak ng migrante, mapalad nga kaya?

Maraming bata ngayon na ang magulang ay nagtatrabaho sa labas ng bansa o di kaya'y malayong-malayo sa kanilang pamilya. Pinadadalhan sila ng pera at *hi-tech* na kagamitan na ipinagmamalaki nito sa kapwa bata at sa iba pa. Maraming naniniwala na mas mapalad ang mga batang ito kumpara sa libong mahihirap na kabataang Pilipino sapagka't nabibigyan sila ng komportable o maalwang buhay.

Subali't ang mga ito ay pangangailangang materyal lamang. Lingid sa kaalaman ng napalayong magulang, ang matagal na pagkakawalay sa kanila ay malimit na nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak ng pamilya sa bandang huli; nagdudulot ng kawalang-suportang moral at emosyonal sa mga bata na sana'y direktang kinakalinga, ginagabayan ng mapagmahal na mga magulang. Ito ay nakasasama sa normal na pag-unlad ng bata at nagdudulot ng kakulangan sa pang-unawa at pagkilala nito sa mga bagay na mas ikabubuti niya.

Kung may pagsisikap man ang mga migrante mismo o ng napawalay na magulang sa sitwasyon ng mga anak nilang naiwan sa isang bagong uri ng *family set up* na ito, kung saan mga ***alternative caregivers*** tulad ng mga kamag-anak at kaibigan ang nag-aasikaso sa kanila, ***hindi ito sapat***, dahilan upang ang mga kabataang ito ay manganib na mapabayaan, maabuso at mapagsamantalahan. Iba ang pagkalinga ng kumpletong magulang. Iba ang kasiyahang naidudulot sa mga bata ng isang kumpletong pamilya. Nangangailangan ang mga batang ito ng natatanging pagkalinga at proteksyon. ***Nanganganib ang kanilang kinabukasan!***

# 46th Fish Conservation Week ipinagdiwang sa lalawigan

Ang Pamahalaang Panlalawigan bilang suporta sa *Provincial Fisherfolk Council of Leaders (PFCL), Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI)* at *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)* ay nakiisa sa pagdiriwang dito ng *46th Fish Conservation Week*. Isinagawa ito simula Oktubre 19-25, 2009 na ang tema ngayong taon ay "Pagpapaunlad ng Pangisdaan, Hamon sa Nagbabagong Panahon".

Isinagawa ang hudyat ng pagsisimula ng 1-linggong gawain sa pamamagitan ng *fingerling dispersal* sa Daet *River* at Alawihao *Dam* na pinangunahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. katuwang sina Edgar Estanislao, hepe ng *Fishery Development Division-Office of the Provincial Agriculturist (FDD-OPAg)* at ilang opisyal ng barangay.





Matapos ito, isinagawa naman ang isang palatuntunan bago ang seremonyal na paggupit ng laso at pagbubukas sa publiko ng 'Tiangge sa *FischCon*' na pinangunahan ni *Dr.* Napoleon A. Malaluan bilang kinatawan ng gobernador. Nakasama niya rito sina Bokal Romeo Marmol, *OIC* Francia Pajares ng *OPAg* at *Provincial Fishery Officer* Clemencio Reciproco na kumatawan kay *Regional Director* Dennis del Socorro ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)*.

Sa mensahe ng gobernador na binasa ni PA Malaluan, binanggit niya na ang patuloy na pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng paghahatid at pagtuturo ng mga bagay na lubhang kailangan sa pagpapatupad ng batas-pangisdaan. Aniya, layunin ng Pamahalaang Panlalawigan na lalo pang palakasin ang ugnayan ng gobyerno at mga samahang naglalayon na pangalagaan ang karagatan ng lalawigan. Pinatotohanan naman ni Bokal Marmol na maging ang Sangguniang Panlalawigan ay nakahandang sumuporta sa mga adhikain

(Sundan sa pahina 6)

***Ang paglalagay ng may sampung libong tilapia fingerlings ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na kanyang hiningi sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Region V kaugnay ng selebrasyon dito ng 46th Fish Conservation Week Celebration dito sa Camarines Norte. Ito ay pinawalan sa riverbank ng Daet na sakop ng Brgy III at sa river dam na sakop naman ng Brgy. Alawihao, Daet. Ito ay bahagi pa rin ng food security program ni Gob. Typoco at ng tanggapan ng Provincial Agriculturist ng Kapitolyo.***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve -lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Adlawan ng Alawihao ...

(Mula sa pahina 8)
taon kung saan ang mga kalahok ay maaaring gumamit ng *charcoal, crayon,* lapis *(pencil)* at pintura *(paint)* para kumprehensibong maipahayag ang tema. Ang mga obrang ginawa nila ay dapat na kakaiba at nagsasalarawan sa kultura at karanasan sa buhay ng kabataang gumawa.

Ang bawat *poster* ay huhusgahan/pipiliin batay sa orihinalidad *(originality)* nito, *artistic merit* at ekspresyon ng tema. Ang mga *posters* ay dadaan sa iba't-ibang *judging levels*: *local, district, multiple district* at *international*. Sa *international level*, ang mga hurado mula sa *art, peace, youth, education* at *media communities* ay pipili ng isang *grand prize winner* at 23 *merit award winners*.

Kabilang sa mga naging *grand prize winners* sa nagdaang *peace poster contest* ay nagmula rito sa Pilipinas gayundin sa mga bansang Brazil, Guadeloupe, Hong Kong, Indonesia, Italy, Japan, Lebanon, Malaysia, Martinique, Peru, South Africa, Thailand, Turkey at Estados Unidos. ***LT IBASCO***



*Ang contest piece ni Junie Edrian Adlawan*

# Orientation & Promotion of Healthy Lifestyle to the MAX & Nutritional Health Risk Assessment

## isinagawa sa Civil Service Month Celebration

Ang nangunang sanhi ng pagkakamatay sa Pilipinas sa ngayon ay hindi na ang mga nakahahawang sakit kundi ang mas pangmatagalan at nakapanghihinang *non-communicable diseases (NCDs)*.

Sa kasalukuyan, pito (7) sa sampung (10) pangunahing dahilan ng pagkakamatay sa lalawigan at sa Rehyong Bikol gayundin sa bansa ay ang *lifestyle-related diseases* kabilang na ang mga panguna-hing *NCDs* tulad ng *hypertension, stroke, cancer, cardiovascular diseases, pneumonia, chronic obstructive pulmonary diseases* at *diabetes mellitus* na ngayon ay pandaigdigang epidemya na.

Hindi ligtas sa mga banta at panganib ng *NCDs* ang mga opisyal at kawani ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan sa Camarines Norte.

Dahil dito, ang 2 *batches* ng *Orientation and Promotion of Healthy Lifestyle to the MAX and Nutritional Health Risk Assessment* ay itinampok sa pagdiriwang dito ng *Civil Service Month*. Ito ay isinagawa noong Setyembre 8 at 9, 2009 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte.

Matatandaan din na bilang tugon sa panawagan ng *World Health Organization (WHO)* na itaguyod at isama ang mga programa para sa pag-iwas at pagkontrol sa mga *NCDs*, itinatag ng *Department of Health (DOH)* ang *National Healthy Lifestyle Program* kung saan sa bisa ng *Presidential Proclamation No. 958* ang mga taong 2005-2015 ay idineklara bilang *Decade of Healthy Lifestyle*.

Layunin ng naturang programa na ang bilang ng pagkakamatay ng mga Pilipino mula sa *NDCs* ay mapababa ng 2% bawat taon hanggang taong 2015. ***LT IBASCO***

# Provl. Stat. ...

(Continued from page 1)
din dito ang mga sikreto kung paano naging matagumpay ang mga programa, at ang mga tanggapan at opisyal na maaaring hingan ng impormasyon kaugnay sa implementasyon ng mga programang maka-bata.

Partikular na itinampok sa *gallery* ang *outputs* ng mga guro mula sa iba't-ibang paaralang elementarya at sekondarya sa lalawigan na una nang dumalo sa *Workshop on the Documentation of Good Practices* na isinagawa ng *Department of Education (DepEd)* sa pamamagitan ng tulong-teknikal ng *PPDO* partikular na si *Asst. Provl. Planning and Devt. Coordinator* Elena B. Austria na naging punong tagapangasiwa sa pagsasanay.

Sa pamamagitan nito, nabatid ng mga mamamayan ang mga programang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan at *United Nations Children's Fund (UNICEF)* sa ilalim ng *Sixth Country Programme for Children (CPC VI)* sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang pambansang ahensya at tanggapan at *non-government organizations (NGOs)* sa lalawigan.

Sa pamamagitan ng *statistical exhibit*, nabatid ng mga mag-aaral na sa kabuuang populasyon ng lalawigan ng Camarines Norte na 520,086 sa taong 2008, 244, 087 ay 0-17 *years old* at 99.89% ng mga kabataang babae na may edad 10 taong gulang pataas ay edukado o mayroong *basic literacy* base sa *Multi-Indicator Cluster Survey* noong 2007

Sa *statistics on child health*, nakita na mula sa 19.84% *infant mortality rate (IMR)* sa taong 2000 bumaba ito sa 12.91% sa taong 2008. Ilan lamang ito sa mga mahahalagang impormasyon na nalaman ng mga kabataan sa kanilang pagbisita sa *Gallery of Good Practices* at *statistical exhibit*. *LT IBASCO*

***Ang ilang mga mag-aaral na dumalo sa Statistical Exhibit sa Provincial Capitol Lobby na isinagawa kaugnay ng Statistical Month at National Children's Month celebrations dito. Ito ay isinagawa ng Provincial Planning and Development Office sa pakikipag-ugnayan ng National Statistics Office na nakabase rito sa Camarines Norte.***

# 2009 CIVIL SERVICE SPORTSFEST RESULT

**Basketball**

| | |
|---|---|
| Champion | Governor's Office |
| 1st runner-up | Department of Public Works and Highway |
| 2nd runner-up | Provincial Engineer's Office |

**Volleyball Women**

| | |
|---|---|
| Champion | Camarines Norte State College |
| 1st runner-up | Dept. of Environment & Natural Resources |
| 2nd runner-up | Provincial Government Office |

**Billiard**

| | |
|---|---|
| Champion | Roberto Encinas (LGU Labo) |
| 1st runner-up | Joefrey Patingan (DPWH) |
| 2nd runner-up | Charlie Bacia (PCSSD-PGO) |

**Dart Men**

| | |
|---|---|
| Champion | Wilson Narvasa (NIA) |
| 1st runner-up | Dindo Trinidad (GO-PGO) |
| 2nd runner-up | Jonathan Ibita (DPWH) |

**Dart Women**

| | |
|---|---|
| Champion | Francia Carillo (OPAG-PGO) |
| 1st runner-up | Jacinta Paday (PEO-PGO) |
| 2nd runner-up | Kristine Odoño (OPAG-PGO) |

**Table Tennis men**


| | |
|---|---|
| Champion | Rondell Pandi (PEO-PGO) |
| 1st runner-up | Bonifacio Tychingco (GSO-PGO) |
| 2nd runner-up | Wilson Narvasa (NIA) |

**Table Tennis women**

| | |
|---|---|
| Champion | Khe Conchada (DAR) |
| 1st runner-up | Lilibeth Alzula (LGU-Talisay) |
| 2nd runner-up | Zenaida Garcia (PEO-PGO) |

**CHESS**

| | |
|---|---|
| Champion | Alfredo Quibral (PEO-PGO) |
| 1st runner-up | Ronald Banal (ACCTG.-PGO) |
| 2nd runner-up | Lolito Nala (LGU-Talisay) |



## 46th Fish...

(Mula sa pahina 4)

na isulong ang mga batas-pangisdaan at magsagawa ng mga polisiya na pangalagaan ang katubigan sa lalawigan.

Sa bahagi ng mensahe ni *OIC* Pajares, malinaw niyang ibinigay ang sitwasyon ng industriya ng pangisdaan sa buong bansa. Inilahad nito na ang Pilipinas ay may yamang-dagat na nagbibigay ng kontribusyon na 2.3 milyong metriko tonelada o 2 porsyento sa kabuuang produksyon sa buong mundo. Ang karagatan ng bansa ay tinitirhan ng humigit-kumulang 2,500 iba't-ibang uri ng isda na matatagpuan sa 17,460 kilometrong coastline nito na tinaguriang pinakamahaba sa buong mundo. Sa kabuuan, ang mensahe ni *OIC* Pajares ay humihiling sa mga mamamayan lalung-lalo na ang mga naninirahan sa *coastal municipalities* na makipagtulungan sa *Department of Agriculture (DA), OPAg* at *BFAR* sa pangangalaga sa mga likas-yamang dagat tulad ng isda na pinakamurang pinagkukunan ng protina para sa malusog na katawan, sunod sa bigas na pangunahing pagkain nating mga Pilipino.

Ipinaabot naman ni *PFO* Reciproco sa kanyang mensahe ang kanyang kasiyahan dahil sa patuloy na pagpupunyagi ng pamahalaang panlalawigan na ipamulat sa mga mamamayan ang kahalagahan ng pangangalaga sa likas-yamang dagat. Partikular niyang binanggit ang pagkilos ng pamahalaang panlalawigan sa pagpapatupad ng batas-pangisdaan, pagbibigay ng pagsasanay sa mga *deputy fish wardens, fishery technicians, law enforcers* at mga samahan ng mangingisda ukol sa *Executive order No. 305, Fisheries Administrative Order No. 214, Research and Development Programs* ng *University of the Philippines Marine Science Institute (UPMSI)* at *Geographical Information System (GIS)* na lubhang kailangan para sa matagumpay na pagsasagawa ng *fishery law enforcement*.




***Ipinaabot ni Dr. Napoleon Malaluan ang mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pagbubukas ng Tiangge sa FishCon o Fish Conservation kaugnay ng 46th Fish Conservation Week celebration dito sa kapitolyo. Itinampok dito ang ilang produkto mula sa iba't-ibang lugar dito, at sa karatig ng lalawigan ng Camarines Sur.***

Bilang karagdagan, ang 'Tiangge sa *FishCon*' ay tinampukan ng displey ng mga *processed fish* at *agricultural products for sale* tulad ng produktong *pastillas, sherbet* at *milk-o-gel* ng Tabing-Ilog *Neighborhood Association (TINA); processed dairy products* ng Brgy. Binanuaan, Talisay; Ganoderma *products (dried and tea form)* at papaya *seedlings* ng *PAFC*; *dried pineapple and sweet wine-ABM Food Products; honey, pineapple and red berry wines*-Engr. Ariel Balean; *fish chips, fish balls, fish nuggets* at *fish donuts-BFAR*; *seaweed noodles* at *seaweed candies – Regional Fisheries and Training Center (RFTC)* at Bacolod *Entrepreneurs and Fisherfolks Organization (BEFO)* ng Tabaco *City*; at *nipa jam* at *agricultural products-MAFC* Vinzons. Tuwing hapon naman ay nagsagawa ng *lecture-demo* ukol sa bangus *relleno* na ibinigay ni Jayne Jaucian; seaweed pansit ng *BEFO*; bangus *deboning* ni Emie Jacinto; at *pineapple* piyaya ni Dr. Ana del Mundo.

Sa taunang selebrasyon ng *Fish Conservation Week*, inaasahan na mamumulat ang ating mamamayan ukol sa kanilang responsibilidad sa pangangalaga sa ating mga yamang-dagat hindi lamang tuwing ginugunita natin ito tuwing buwan ng Oktubre kundi ang pagyakap dito bilang bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay. ***ML JEREZ***

# Countryline Multi-Purpose Coop panalo sa Gawad Saka

Ang *Countryline Multi-Purpose Cooperative* ng Brgy. Gubat, Daet, Camarines Norte ay tinanghal kamakailan na Gawad Saka 2009 *regional winner* sa ilalim ng kategoryang *small farmer organization* at tumanggap ng gantimpalang P15,000.00 at plake.

Kasama nitong ginawaran ng *special citation* sa iba't-ibang kategorya ang mga sumusunod na tumanggap ng kaukulang plake at *cash prize* na tig-P5,000.00: Archie Ellama ng Brgy. Sto. Domingo, Vinzons - *Young Farmer;* Nolito Mañago ng Brgy. Quinapaguian, Mercedes – *Fish Capture,* at Benedicto Palmares ng Brgy. Matnog, Basud - *High Value Commercial Crops Farmer*.

Ito ang masayang ibinalita ni Gng. Irene J. Olivar, *Agriculturist II* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* at *Provincial Farm Youth Development Program*/Gawad Saka *Coordinator* matapos ang *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol* kamakailan.

Idinagdag din nito na umabot sa P250,000.00 ang tinanggap ng 9 na *4-H Clubs* sa lalawigan mula sa *Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI)* sa ilalim ng *4-H Club Youth Development Program* nito. Gagamitin nila ito sa implementasyon ng kanilang pangkabuhayang proyekto na babayaran nila batay sa *replenishment schedule* na nakasaad sa *proposal* na una na nilang isinumite sa ahensya at inaprobahan nito. Ang mga kinauukulang *Municipal Agriculture Office (MAO)* kasama ang *OPAg* ay mag-uulat at makikipag-ugnayan sa *DA-ATI* kaugnay sa kalagayan ng kanilang mga proyekto.

Sa okasyon ng *National Week for Overcoming Extreme Poverty (NWOEP) cum Gawad Saka Awarding and 4-H Club Youth Development Program Launching* sa Macagang *Business Center*, Nabua, Camarines Sur noong Oktubre 19, 2009, ipinagkaloob sa mga sumusunod ang kanilang tseke: Sto. Domingo *4-H Club* ng *Brgy. Sto. Domingo, Vinzons* c/o Archie Ellama, *ampalaya production*, P30,000.00; Napilihan *4-H Club* ng Brgy. Napilihan, Vinzons c/o Manuel Odi, *carabao for hire,* P25,000.00; Gubat *4-H Club* ng Brgy. Gubat, Daet c/o Allan Vega, *swine fattening*, P30,000.00; Bibirao *4-H Club* ng Brgy. Bibirao, Daet c/o Jerric Freyra, *cattle production*; P30,000.00; Calasgasan *4-H Club* ng Brgy. Calasgasan, Daet c/o Elybel Madrigallo, *swine production*, P25,000.00; Daguit *4-H Club* ng Brgy. Daguit, Labo c/o Rose Ann Alejo, *vegetable production*, P25,000.00; Matnog *4-H Club* c/o ng Brgy. Matnog, Basud c/o Euvegildo Cervantes, *goat production*, P30,000.00; Del Rosario 4-H Club ng Brgy. Del Rosario, Mercedes c/o Aljon Solares, embutido *making*, P25,000.00, at Kagtalaba *4-H Club c/o* Rochiel Avendaño, *goat raising*, P30,000.00.




***Ang 2009 Gawad Saka Awardees kasama sina DA Regional Director Jose V. Dayao (nakaupo sa gitna) at Ms. Estrella Tulay ng NAFC Manila (nakaupo pangalawa mula sa kaliwa) sa awarding ceremonies na ginanap sa Macagang Business Center, Nabua, Camarines Sur. Kasama sa larawan si Gng. Irene Olivar ng OPAg (pang-9 mula sa kaliwa.***

Sa katulad na okasyon, binigyan din ng tulong-pinansyal na P25,000.00 ang Fabrica *Pineapple Farmers Association (FPFA) c/o* Pilar Sanchez ng San Vicente, Camarines Norte para gugulin sa *pineapple fiber production* nito sa Brgy. Fabrica, San Vicente. Ito ay pinunduhan mula sa *Provincial Roll-Over Fund* ng *Livelihood Enhancement for Agricultural Development (LEAD)* na babayaran ng *FPFA* alinsunod sa *replenishment schedule*.

Samantala, tumanggap ng *financial assistance* na tig-P62,500.00 mula sa *DA Bicol* ang apat na benepisaryo rito ng *Re-Entry Assistance Program of DA-National Agriculture and Fishery Council (NAFC)*. Kabilang dito sina Jayson Labrador at Jay Magana ng Brgy. Sto. Domingo at Brgy. Aguit-it ng bayan ng Vinzons na gagamitin ang pondo para sa kanilang *ampalaya production*; at *swine production* naman para kina Anthony Mascarina ng Brgy. Rizal, Sta. Elena at Ryan Villaflores ng Brgy. Talobatib, Labo. Matatandaan din na sila ay una ng naging benepisaryo ng programang *Young Filipino*

(Sundan sa pahina 3)

# Mga piling larawan









*1) "Boodle Fight" sa kampo! Matapos ang turn-over ceremonies ng mga communication equipment para sa PNP CN PPO ay nagsalu-salo sina PNP Chief Jesus Versoza, Gob. Jesus O. Typoco, Jr., Sr. Supt. Leopoldo Bataoil, PNP RD Ruben Padua at iba pang mga opisyal ng PNP dito sa lalawigan; 2) Ang pagpupulong ng Provincial Disaster Coordinating Council na ipinatawag ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kaugnay ng bagyong Santi upang makapaghanda ang iba't-ibang bayan dito sa lalawigan sa paparating na bagyo na pinangasiwaan ng Public Safety Emergency Management Office sa pamumuno ni Arnel Ferrer at ang nag-preside naman bilang kinatawan ni Gob. Typoco ay si Provincial Legal Officer Jose T. Atienza; 3) Ang ceremonial toss ni Gob. Typoco na nagsilbing hudyat sa pagbubukas ng 1st Gov. Jesus O. Typoco, Jr. Inter-Barangay Basketball Tournament bilang pamaskong handog sa mga barangay. Ito ay nilahukan ng mga koponan mula sa iba't-ibang barangay rito sa bayan ng Daet; 4) Ibinigay ni Gov. Typoco ang isang dummy check na nagkakahalagang P200,000.00 bilang financial assistance sa pagbili ng lupa para sa barangay site ng Barangay Borabod, Daet. Pinangunahan ni PB Rosito C. Panotes ang pagtanggap kasama ang iba pang opisyal ng nasabing barangay at taus-puso silang nagpasalamat kay Gob. Typoco sa patuloy nitong pagsuporta sa mga proyekto ng kanilang barangay.*






# Adlawan ng Alawihao National High School nanguna sa Lions International (Daet Chapter)Peace Poster Contest



**Junie Edrian Adlawan**
**1st Place Peace Poster Contest**

Naiuwi ni Junie Edrian Adlawan ng Alawihao *National High School* ang unang puwesto sa *Lions International Peace Poster Contest* na itinaguyod kamakailan ng *Lions Club of Daet* bilang pakikiisa sa pandaigdigang gawain ng kanilang samahan.

Tinanggap ni Adlawan ang premyong P2,500.00 at tropeyo sa *awarding ceremony* na ginanap noong Martes, Oktubre 27 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* ng Kapitolyo Probinsyal kung saan naging panauhing pandangal si *Lion Engr.* Gerry G. Quiñones, *Chairperson, Lions International Peace Poster Contest*. Pumangalawa kay Adlawan si Lex Rafael Marquez ng Daet *Elementary School* na pinagkalooban ng pabuyang P1,500.00 at tropeyo. Tinanggap naman ni Vian Jerome Rayos ng *Camarines Norte State College (CNSC)*-Abaño *Campus* ang gantimpalang P1,000.00 at tropeyo na nasungkit ang ikatlong puwesto.

Ang naturang patimpalak na nakatuon sa temang: *"The Power of Peace"* ay nilahukan ng mga mag-aaral na may edad 11-13 taon na nagmula sa mga pampubliko at pribadong paaralan dito sa bayan ng Daet. Taun-taong isinasagawa sa iba't-ibang panig ng mundo ang *Lions International Peace Poster Contest* sa layuning hikayatin ang mga kabataan na ipahayag ang kanilang ideya/pananaw *(vision)* ukol sa kapayapaan sa pamamagitan ng sining.

Bilang karagdagan, iba't-ibang orihinal na temang pangkapayapaan ang itinatakda bawa't

(Sundan sa pahina 5)




***1) Sina Junie Edrian Adlawan, Lex Rafael Marquez at Vian Jerome Rayos habang hawak ang kani-kanilang tropeo; 2) Si Dr. Jose Rene G. Ruidera, DPA, Presidente ng Lions Club of Daet kasama ang mga mag-aaral at kani-kanilang mga coaches na lumahok sa Lions International Peace Poster Contest kung saan naiuwi ni Junie Edrian Adlawan ang unang puwesto.***

# CFM Assembly ...

(Mula sa pahina 9)

at Rowena Piornato ng *DWLB* Labo.

Ang ilan sa mga isyu at usapin na lumabas dito ay ang mga sumusunod: 1) Ano ang puwedeng gawin sa mga batang paulit-ulit na nahuhuli sa salang pagnanakaw; 2) Ano ang dapat gawin sa mga *gang wars* o *fraternity* na karamihan sa mga miyembro ay mga estudyante at di kayang resolbahin ng paaralan dahil ang gulo ay karaniwang nangyayari sa labas nito at wala ring makitang pulis sa *school area* partikular na sa *Camarines Norte National High School* sa Brgy. Camambugan na kung minsan ay takot din ang mga Barangay Tanod; 3) Obserbasyon ukol sa napakaraming *internet cafes* na nag-ooperate malapit sa mga paaralan na nagiging dahilan nang pagiging adik ng mga mag-aaral sa mga *on-line games* at nagreresulta sa pagliban nila sa kanilang mga klase. Ilan lang ito sa mga isyu na sinagot ng naturang *panel of reactors* na nakatulong para maunawaan at malaman ng mga dumalo ang mga dapat nilang gawin at ang mga opisyal at ahensyang makatutulong sa kanilang mga problema. Matapos ang *open forum*, Pinangunahan ni Bokal Teresita DL. Malubay ang pagbibigay ng *Certificate of Appreciation* sa mga *panel of reactors* bilang pasasalamat sa kanilang aktibong partisipasyon.

Sa pagitan ng mga gawain sa loob ng programa, nagbigay ng *intermission* ang mga sumusunod: Kate B. Lee, mag-aaral ng *Howard Montessori School* at *Fernandez Music Studio* na nagbigay ng tig-isang awitin; Francis Diane Elen ng *Daet Elementary School*, Isang Kuwentong Pambata, at *folk dance* mula sa mga mag-aaral sa Grade III ng *Daet Elementary School*.

Sa *closing remarks* ni *Asst. Provincial Planning and Development Coordinator* Elena B. Austria, pinasalamatan niya ang lahat ng dumalo, nagbigay ng *intermission numbers*, naging *panel of reactors* sa *open forum, PTWG Members*, at mga lokal na opisyal na patuloy na sumusuporta sa programa para sa mga bata at lalong higit sa panauhing pandangal na si *Gen*. Tanigue.

Samantala, ang daloy ng 1-araw na gawain ay pinangasiwaan ng masters of ceremonies na sina *Division Chief* Arnel Ferrer ng *Public Safety and Emergency Management Office (PSEMO)* at *Social Welfare Officer II* Cynthia R. dela Cruz ng *Provincial Social Welfare and Devt. Office (PSWDO)*. Naging punong abalang tanggapan naman dito ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular kasama ang kanyang masisipag na mga kawani. ***MARILYN P. ASIS***

***Tinanggap ni Gen. Yolanda G. Tanigue ang Certfificate of Appreciation na ibinigay ng pamahalaang panlalawigan particular mula sa PTWG ng CPC 6 ng siya ay magsilbing Guest Speaker sa Child Friendly Movement Assembly kaugnay Children's Month celebration dito. Ang ilang mag-aaral mula sa isang nursey school dito sa Daet ng ito ay mag handog ng isang intermission number.***



# Civil Service Month...

(Mula sa pahina 10)

*standing Police Women for 2008; Camarines Norte Water District (CNWD) c/o GM* Antonia BF Boma - PAGASA *Award, Regional Finalist on the Search for Outstanding National Government Agencies (NGAs);* Daet *Municipal Police Station - Regional Best Municipal Police Station for 2008 c/o Supt.* Marlon C. Tejada; *Police Civilian Relations (PCR)-CN Police Provincial Office – Regional Best PCR Unit for 2009 c/o Provincial Director* Emmanuel M. Talento; Carlos C. Galvez, *Ph.D. –Civil Defense Deputized Coordinator; Municipality of* Labo – Punong Bayan *Award of Excellence c/o Hon. Mayor* Winifredo B. Oco; *Local Civil Registry Office – LGU* Labo, *1st Place in Civil Registration c/o* Ms. Filipina V. Herico; *PESO Office, LGU* Labo – *Top Regional Performer c/o Mayor* Oco at Ms. Florida R. Quilas, *PESO Manager*-Labo; at *Office of the Provilncial Treasurer c/o* Ms. Lorna A. Coreses.

Pinagkalooban naman ng *certificate of commendations* ang walong (8) kareretirong opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na sina *Provincial Agriculturist* Rodolfo B. Salamero; *Supervising Agriculturist* Melchor R. Briñas; at *Agriculturists II* David A. Abogado, at Dominador F. Guinto ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*; Anita V. Camara, *Pharmacist IV*; at Iluminado Abordo, *Utility Worker I* mula sa *Provincial Health Office (PHO)*; Arturo Tuyay, *Utility Worker II* ng *General Services Office (GSO)*; at *Dr.* Amador C. Salen, *Chief of Hospital*, Labo *District Hospital-PHO.* Ang *CNWD* rin ay tinanghal na PASADA at Brigada Ahensya *Awardee.* Naging *finalist* naman sa *Regional Search for the Best* Brigada Ahensya ang *LGU* Daet.

Ang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na nagpakita ng huwarang paglilingkod, kasipagan, kahusayan, at dedikasyon sa pagtupad sa kanilang tungkulin bilang isang tunay na lingkod-bayan ay binigyan ng kaukulang *citation.* Ito ay kinabibilangan nina: Alex B. Bustamante, *Administrative Aide II (Driver II)*; Teresa B. Lamadrid, *Admin. Asst. III (Buyer III)*; at Augusto N. Samayo, *Admin. Aide III (Utility Worker II)* mula sa *GSO*; Marilyn A. Soltes, *Supervising Admin. Officer;* Myrna V. Sendon, *Accountant IV*; Mercedes M. Alfuerte, *Accountant III;* at Lilian Y. Rafon, *Admin. Officer III* ng *Office of the Provincial Accountant*; at Amelia C. Visitacion, *Admin. Asst. II* ng *Library Services Division-Office of the Governor (G.O.).* Ginawaran naman ng *special citation* si Mario Sumagui, *Security Guard I (Casual)* ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)-G.O.* dahil taglay rin niya ang katangiang nabanggit gayundin ang pagiging magalang sa sinuman.

Matapos ito, pinagkalooban ng kaukulang pagkilala at papremyo ang mga indibidwal at tanggapan na nanalo sa iba't-ibang palaro sa *Inter-Agency Sportsfest* na una nang isinagawa simula Setyembre 2-25, 2009. ***LT IBASCO***

# CFM Assembly ...

(Mula sa pahina 10)

ng *Golden Palace Restaurant*, Daet. Dinaluhan ito ng humigit-kumulang 300 katao mula sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan, mga guro, mag-aaral at pribadong sektor ng lipunan.

Pormal na binuksan ang 1-araw na aktibidad sa pamamagitan ng *doxology* ng mga piling mag-aaral mula sa *Howard Montessori School of Daet.* Pinangunahan naman ni G. Ariel Hernandez ng *Labo Elementary School* ang pagkanta ng Lupang Hinirang.

Sa opening *remarks* ni *Board Member* Teresita Malubay, *Chairman* ng *Committee on Women and Family*, sinabi nito na buo ang suporta ng pamahalaang panlalawigan sa pagdiriwang ng *National Children's Month* at sa mga programang maka-bata. Pinasalamatan niya ang mga dumalo na patuloy na sumusuporta sa mga aktibidad ng Kapitolyo Probinsyal. Hinimok din niya ang lahat na pakinggang mabuti ang mga ulat *(reports)* ng mga kaukulang sektor gayundin ang samasamang pag-aksyon para ang mga kabataan ay mabigyan ng angkop na proteksyon laban sa iba't-ibang uri ng pang-aabuso.

Ang presentasyon ng PSCR ay pinangunahan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *PPDC* at *CPC 6 PTWG Chairman* na isiniwalat ang *Situation of Women and Children* sa lalawigan. Kabilang din dito ang ulat ng iba't-ibang sektor sa ilalim ng *Sixth Country Programme (CPC 6)* kung saan ang *health* at *nutrition status* ng mga kabataan at kababaihan ay ibinigay ni Mrs. Mercedes M. Juan, *Dietician/Nutritionist* at *Provincial Techncial Working Group (PTWG) member; DepEd District Supervisor* Ramon B. Avila, *PTWG member* at *CPC 6 Education Coordinator - education;* at *PSWD Officer* Lorna C. de Claro, *CPC 6 PTWG member* at *ECCD Coordinator - child protection.*

Iprenisenta naman ni *Provincial Legal Officer Atty.* Jose Atienza ang *Executive Summary* dahil si Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ay nasa isang opisyal na gawain na una na nitong natanguan. Inilahad sa *executive summary* na ang Pamahalaang Panlalawigan ay patuloy na sumusuporta sa mga proyekto at programa para sa mga kabataan. Isang konkretong patunay rito ang patuloy na implementasyon dito ng *Country Program for Children* na nagsimula pa noong 1994 at hanggang ngayon ay pinupunduhan ng Pamahalaang Panlalawigan at *United Nations Children's Fund (UNICEF).*

Nakapaloob din sa nasabing *summary* ang ilan sa mga mahahalagang *accomplishments* sa ilalim ng *CPC 6* tulad ng pagbaba *(reduction)* ng *disparities* sa *situation on women and children* sa lalawigan base sa mga *key indicators.* Pinagtutuunan din aniya ng pansin ang *sustainability* na mabawasan ang *disparities* sa mga *major sectors* ng *child friendly programs* at ang *strategic directions* at *actions* na ipatutupad sa mga susunod na taon.

Kabilang dito ang pagsasagawa *ng Search for Child-Friendly Barangay* para mahikayat ang mga mamamayan na suportahan ang mga *CPC projects.* Matatandaan din na lumagda sa isang *commitment* na tinawag na *"Pagpapahayag ng Panlipunang Pangako sa Pagsusulong ng Lokal na Pamahalaang Nagpapatupad Para sa Mga Bata"* ang mga lokal na opisyales ng labindalawang (12) bayan at ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang pamunuan ng *CPC 6-Provincial Technical Working Group (PTWG).* Inilahad din dito na nai-*institutionalize* na sa *provincial level* ang *Four Gifts for Children* na kinabibilangan ng *Provincial Development Plan for Children (PDPC), Provincial Investment Plan for Children (PIPC), Child Rights and Welfare Code for Children,* at ang *Provincial State of the Children's Report (PSCR).*

Samantala, naging panauhing pandangal at tagapagsalita sa nabanggit na *CFM Assembly and Presentation of the PSCR* si *General* Yolanda Gabo Tanigue, ng *Philippine National Police (PNP).* Ang ating kababayan na si *Gen.* Tanigue na mula sa Brgy. Canapawan sa bayan ng Labo ay isang *registered Social Worker* na nagtapos sa kursong *Bachelor of Science in Social Work* sa *Mabini Colleges* at siyang kauna-unahang babaeng heneral sa Pilipinas.

Sa bahagi ng kanyang mensahe, tinalakay niya ang mga serbisyong ibinibigay ng *Women and Children Protection Center (WCPC)* ng *PNP* na kanyang pinamumunuan. Ang kanilang tanggapan aniya ay nagsisilbing *one-stop-shop investigation unit* para sa mga kabataang biktima ng iba't-ibang uri ng pang-aabuso – pisikal, mental, emosyonal, sikolohikal, at iba pa. Tinutugunan din nila ang reklamo at hinaing ng mga kababaehang biktima ng karahasan at pang-aabuso at iba pang kahalintulad na kaso. Inilahad din ni *Gen.* Tanigue na may 1,830 *established women and children's desks* sa buong bansa na pinangangasiwaan ng may 2,774 *PNP personnel* kung saan 18 lamang ang lalaki, at 2,728 ay mga babae.

Pahapyaw ring tinalakay ng nasabing heneral ang mga batas na nagbibigay-proteksyon sa mga kabataan at kababaihan katulad ng: ***RA 7610- Child Abuse Law; RA 8353- Rape Law; RA 9208 – Human Trafficking Law RA 9262 – Anti-Domestic Violence Law; RA 9344 – Juvenile Justice Law; RA 9231 Child Labor Law; RA 7877 –Sexual Harassment Law* at *RA 9710- Magna Carta of Women Law*.** Ayon sa heneral, malawak ang nasasakop ng mga batas na ito at sinuman ang lumabag dito ay agad na maparurusahan ayon sa itinatakda ng naturang mga batas.

Bilang karagdagan, nagkaroon din ng *open forum* na pinamahalaan ni Ms. Melody Relucio, *DILG Asst. Provincial Director* bilang *facilitator*. Ipinaliwanag niya ang proseso ng *open forum* at saka ipinakilala ang mga *panel of reactors* na sina: *Gen.* Tanigue, *Judge* Winston Racoma ng *RTC Branch 39, Judge* Victoria Dino-Reyes ng *Municipal Trial Court (MTC)*-Basud, *Police Senior Supt.* Emmanuel Talento, *PNP Provincial Director; Atty.* Reynaldo Paguirigan, Jr., hepe ng *BJMP Daet;* at Ms. Lorna C. de Claro, *Provincial Social Welfare and Devt. Officer.* Dumalo naman ang mga *media representatives* na sina: Babes Llabore-Cereno, Shirley Palacio ng *DZSL*, Melvin Merciales at Jayson Zaldua ng *CNTV*, Francis Elevado, Ernie Consuelo ng *DWCN* Radyo ng Bayan, Rosalita B. Manlangit ng *Philippine Information Agency (PIA)*

(Sundan sa pahina 8)

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Senior Agriculturist | 9526 | 18 | | 2 | OPAg | Bachelor's degree relevant to the job | Two (2) years of relevant experience | Eight (8) hrs of relevant training | C.S. Professional | |
| Planning Officer IV | 9542 | 22 | | 2 | OPAg | Bachelor's degree relevant to the job | Three (3) years of relevant experience | Sixteen (16) hrs of relevant training | C.S. Professional | |
| Supervising Agriculturist | 9525 & 9531 | 22 | | 2 | OPAg | Bachelor's degree relevant to the job | Three (3) years of relevant experience | Sixteen (16) hrs of relevant training | C.S. Professional | |
| Agriculturist Technologist | 9538 | 10 | | 2 | OPAg | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | C.S. Professional | |
| Utility Foreman (Casual - 1) | | 6 | | 1 | PGCN | Elementary school graduate | None required | None required | None required (MC 11, S. 96-Cat. 111) | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***



**Jesus O. Typoco, Jr.**
**Gobernador ng Camarines Norte**

# 2009 CFM Assembly & State of the Children Report

Kaugnay sa pagdiriwang ng *Children's Month* ngayong buwan ng Oktubre na may temang "*Bright Child*: Proteksyon ng Bata, Pananagutan ng Bansa", isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *Child Friendly Movement (CFM) Assembly and Presentation of the Provincial State of the Children's Report (PSCR)* noong Oktubre 21, 2009 sa 3rd *Floor*

*(Sundan sa pahina 9)*

**BATINGAW**
**DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN**

**TAON 9, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2009**
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com




***Si Arch. Madonna C. Abular habang ibinibigay ang State of the Children Report sa isinagawang Child Friendly Movement Assembly na ginanap kaugnay ng National Children's Month celebration dito sa lalawigan. Ito ay ginanap sa Golden Palace Restaurant noong Oktubre 21, 2009.***

# Closing and Awarding Ceremonies 109th Civil Service Month Celebration










Pormal na nagtapos ang 1-buwang selebrasyon dito ng ika-109 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas sa buwan ng Setyembre na may temang *"HONORING OUR HEROES IN REPUBLIC SERVICE Responsive, Ethical Public Servants with Vision, Integrity, Commitment and Excellence"*.

Ito ay sa pamamagitan ng *Closing and Awarding Ceremonies* na idinaos noong Oktubre 7, 2009 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* kung saan naging panauhing pandangal at tagapagsalita si *Dir.* Cecilia R. Nieto, *Director IV* ng *Civil Service Commission Regional Office 5 (CSC RO5), Legazpi City.* Ang pagpapakilala kay Dir. Nieto ay pinangunahan ni *Dir. Elizabeth B. Mateo, Director II, CSC Field Office-Camarines Norte.*

Ang naturang aktibidad ay tinampukan ng paggawad ng pagkilala at parangal sa mga katangi-tanging opisyal, kawani at tanggapan ng iba't-ibang ahensya at tanggapan ng pamahalaan sa lalawigan ng Camarines Norte.

Kabilang sa mga tumanggap ng *award of recognition* ay ang mga sumusunod: Glenda T. Serrano ng *Provincial Health Office (PHO)*,2nd *runner-up, Regional Search for Miss Civil Service; Police Officer III* Maria Cecilia Tagala -*Regional Best Junior PCR PNCO ; Senior Police Officer III Flordeluz Esguerra*, Mercedes PNP, isa sa mga *Ten Out-*

***(Sundan sa pahina 9)***

***Ang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na tumanggap ng Citation mula sa Civil Service kaugnay ng Closing Program ng Civil Service Month celebration dito sa lalawigan na sina Mario Sumagui-SGI, PCSSD; Amelia Visitacion-Admin. Asst. II, GO-LSD; Alex Bustamante-Admin. Aide II-GSO; Augusto Samayo-Admin. Aide III-GSO at Teresa Lamadrid Admin. Asst. III-GSO. Tinanggap ni Provincial Treasurer Lorna A. Coreses ang Award of Recognition para sa kanilang tanggapan. Samantalang ang mga kawani ng Prov'l. Accountant na sina Marilyn Soltes-SAO, Myrna Sendon-Acct. IV, Mercedes Alfuerte-Acct.III at Lilian Rafon-AO III ay tumanggap rin ng citation kasama nila rito ang kanilang hepe na si Provincial Accountant Maribeth R. Malaluan. Ipinamahagi nina Dir. Cecilia Nieto-Dir. IV, ROV at Dir. Elizabeth Mateo-Dir. II CSC FO katuwang sina Mayor Winnie B. Oco ng Labo at Engr. Gerry Quiñones, EA IV-G.O.***